



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit simula Abril 26, 2021

BRAMPTON, ON (Abril 12, 2021) – Ang sumusunod na mga iskedyul ng ruta ng Brampton Transit ay ini-adjust simula Abril 26, 2021, hanggang sa karagdagang abiso para matiyak na ang ating transit system ay mahusay na magpapagalaw sa mga tao sa kapaligiran ng lungsod:

- **505 Züm Bovaird:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes at Sabado
- **1 Queen:** Iskedyul sa Linggo
- **3/3A McLaughlin:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes, Sabado at Linggo
- **5/5A Bovaird:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes, Sabado at Linggo
- **6 James Potter:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes
- **9 Vodden:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes, Sabado at Linggo
- **18 Dixie:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes
- **19 Fernforest:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes
- **26 Mount Pleasant:** Ini-adjust na mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes at Sabado
- **51 Hereford:** Ang 11 pm na westbound trip sa Lunes hanggang Biyernes mula sa Brampton Gateway Terminal ay ini-adjust na umalis sa 11:09 para mapaganda ang mga koneksyon
- **54 County Court:** Mga iskedyul sa Lunes hanggang Biyernes, Sabado at Linggo

Pakitingnan ang mga iskedyul ng ruta bago magbiyahe. Ang mga oras sa gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Nananatiling sarado ang Trinity Common Terminal. Para sa mga oras ng Customer Service sa mga terminal, bisitahin ang www.bramptontransit.com.

Kailangang gawin natin ang lahat ng parte natin para mapanatiling ligtas ang ating komunidad. Pakitandaan:

- Ang mga pantakip ng mukha o mga hindi medikal na mask ay mandatoryo sa mga terminal at habang sumasakay sa mga bus – ang mga eksemsyon kabilang ang mga medikal na kondisyon ay mailalapat. Ang mga pantakip ng mukha ay dapat tumatakip sa inyong ilong, bibig at panga sa lahat ng oras.
- Panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask.
- Magdala ng inyong sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang inyong mga kamay.
- Kung may sakit kayo, pakiiwasan ang sumakay sa transit. Tiyakin na magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib.



Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca